Dm-17-136

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IV-A CALABARZON
**CITY SCHOOLS DIVISION OF TAYABAS**
Barangay Ipilan, City of Tayabas

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
Blg. 151, s. 2017

**ADENDA SA PANSANGAY NA MEMORANDUM BLG. 151, S. 2017 "BUWAN NG WIKA 2017"**

Sa mga : Pansamantalang Pangalawang Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe CID/ SGOD
Pandibisyong Tagamasid sa Filipino
Punongguro/Gurong Namamahala/Ulongguro sa Filipino
Guro
Antas ng Elementarya at Sekondarya Pampubliko at Pribadong Paaralan
ng Lunsod ng Tayabas

---

Kalakip nito ang ang mga panuntunan sa karagdagang ng patimpalak sa Tagisan ng Telento sa Filipino para sa Junior High school at Senior high School.

Malugod na inaasahan ang mabilisang pagpapatupad ng Memorandum na ito.

**CATHERINE P. TALAVERA, Ph. D.**
Pansamantalang Pansangay na
Tagapamanihala ng mga Paaralan

## MGA PANUNTUNAN PARA SA TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

**Kategorya:**

A. **Dagliang Talumpati**
B. **Interpretatibong Pagbasa**

### A. Patnubay sa Kalahok

1. Dagliang Talumpati

**A. Kalahok**

- Bukas ang patimpalak sa mag-aaral na nasa Senior High School.
- Ang nararapat lumahok sa patimpalak ay ang mag-aaral na nagwagi sa Panrehiyong Tagisan ng Talento sa Filipino 2017.
- Ang kalahok ay may gabay na isang tagapayo/tagapagsanay.

**B. Panuntunan**

- Ang paksa ay ibibigay sa takdang oras ng paligsahan.
- Siya ay bibigyan lamang ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksang napili habang nagtatalumpati ang sinusundang kalahok.
- Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksa at dalawa hanggang tatlong minuto naman sa pagtatalumpati. May kabawasang puntos sa kabuuang iskor na labis o kulang sa itinakdang oras ng pagtatalumpati:

| | | |
|---|---|---|
| 1-30 segundo | - | .5 puntos |
| 31-60 segundo | - | 1 puntos |
| 61 segundo – pataas | - | 2 puntos |

- Itataas ang bandilang dilaw bilang hudyat sa nalalabing tatlumpong segundo at bandilang pula na tapos na ang itinakdang oras.
- *"Corporate attire"* ang inaasahang kasuotan ng kalahok.

**C. Pamantayan**

Katapatan – (35%)
Kaugnayan sa paksa – 20%
Pagbibigay – diin 0 damdamin – 15%

Hikayat – (25%)
Dating sa madla – 5%
Kakanyahang pantanghalan – 5%
Kilos, galaw, kumpas – 10%
Expresyon ng mukha – 5%

Tinig - (20%)
Lakas – 5%
Taginting – 5%
Kaangkupan ng diwa at damdamin – 10%

Bigkas - (20%)
Matatas at maliwanag – 10%
Wastong pagbubukod ng salita – 5%
Diin/himig – 5%

2. **Interpretatibong Pagbasa (Pagbibigay Interpretasyon sa Wastong Pagbasa ng Talumpati, Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang Pagbasa ng Tula)**

**A. Mga Kalahok**

a. Bukas ang paligsahan sa mga mag-aaral na binubuo ng isang pangkat na may apat na kasapi mula sa Baitang 7, 8, 9 at 10.
b. Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang mag-aaral na nagwagi sa Panrehiyong Tagisan ng Talento sa Filipino.
c. Ang bawat pangkat na kalahok ay may gabay ng isang tagapayo/tagapagsanay.

**B. Panuntunan**

a. Ang piyesa ay ibibigay sa araw ng paligsahan.
b. Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay-interpretasyon ng bawat kalahok.
c. Bibigyan ng sampung (10) minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon.
d. Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng babasahing mga akda.
e. Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang piyesa na tatagal din ng sampung minuto, susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok.
f. Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin.
g. Dapat na ang interpretasyon ay nakaangkop sa genreng nakasulat sa piyesa.
h. Ang kasuotan ng mga kalahok ay pantalong maong at puting t-shirt.
i. Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minuto kasama ang pagpasok at paglabas ng mga kalahok.
j. Walang anumang "*props*" o kagamitan, background music at instrument na dadalhin at gagamitin ang mga kalahok.
k. Iikot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang adlib.

**C. Pamantayan**

a. **Katapatan – 40%**
   a. Pagpapalutang ng diwa – 20%
   b. Pagbibigay –diin sa damdamin -20%
b. **Hikayat – 20%**
   a. Pang-akit sa madla -5%
   b. Pagbibigay buhay sa tauhan -5%
   c. Tindig -5%
   d. Kumpas/Kilos -5%
c. **Bigkas – 20%**
   a. Matatas at maliwanag – 10%
   b. May pagbubukod-bukod ng mga salita – 5%
   c. May wastong diin at intonasyon – 5%

d. **Tinig – 20%**
   a. Lakas – 5%
   b. Taginting – 5%

c. Kaangkupan ng diwa at damdamin– 5%

**Paalala:** **Mahigpit na ipinagbabawal sa mga kalahok ang pagdadala ng anumang electronic gadgets sa holding area at sa buong panahon ng pagtatanghal.**

**Hindi rin pinahihintulutan ang mga tagapagsanay na pumasok/lumapit sa holding area.**

**Iwasan ang pagbanggit ng pagkakakilanlan ng mga kalahok.**

**Ang paglabag dito ay magiging sanhi ng diskwalipikasyon.**

**KASUNDUAN:** **ANUMANG DESISYON NG INAMPALAN AY PINAL.**